

Kauna-unahang Pinoy AGT umarangkada na

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII



Umarangkada na ang Pinoy AGT sa kauna-unahan nitong test run sa UP Diliman Campus, Quezon City. (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)

Matagumpay ang kauna-unahang test run ng proyektong Automated Guideway Transit (AGT) ng Department of Science and Technology (DOST) at University of the Philippines (UP). Ang AGT, ang kauna-unahang mass transportation system na gawang Pilipino, ay naglalayong mabawasan ang trapiko at polusyon sa hangin sa Kamaynilaan.

Lulan sina DOST Secretary Mario Montejo, UP President Alfredo Pascual at ilan pang mga opisyal, binagtas ng AGT ang 465 metrong elevated guideway track o nakataas na riles na itinayo sa loob ng UP Diliman campus.

Ayon kay Secretary Montejo, ang AGT ay magbibigay ng dagdag kasanayan upang ang mga lokal na inhinyero ay makapagdisenyo, makabuo at makapagpatakbo ng mga sariling transport system.

Dagdag pa ni Montejo na dahil sa mga world class na inhinyero sa bansa ang halaga ng paggawa ng tren ay napakaliit kumpara sa mga gawang banyaga.

"We want to locally fabricate the components to make the vehicle cost-effective and sustainable," wika ng Kalihim.

sundan sa pahina 2

Geminiano de Ocampo Visionary Award inilunsad

Ni Allan Ace W. Aclan
S&T Media Service, STII

Upang bigyang-pagkilala ang mga natatanging mananaliksik at siyentipiko sa larangan ng medisina, inilunsad kamakailan ng National Academy of Science and Technology ng Department of Science and Technology (DOST-NAST) ang Geminiano de Ocampo Visionary Award for Medical Research.

Ang parangal ay ipinangalan kay Dr. Geminiano de Ocampo, ang tinaguriang "Father of Modern Philippine Ophthalmology."

Si Dr. de Ocampo ay isang National Scientist ng bansa sa larangan ng medisina. Iginawad ni dating Pangulong Ferdinand Marcos ang titulo noong 1982 para sa kanyang mga natatanging kontribusyon sa larangan ng ophthalmology, ang sangay ng medisina na may kinalaman sa anatomya, pisyolohiya, at mga sakit sa mata.

Noong 1952, Itinatag niya ang ospital para sa mata sa bansa. Siya ang kauna-unahang sundan sa pahina 3

Nilalaman

Tagisang Robotics ng DOST-SEI, puno ng aksyon at kaalaman **p. 2**

eHealth.ph makatutulong sa health research ng bansa **p. 3**

Mga ahensiya magtutulungan para sa ICT industry mapping **p. 4**

LarawaNews **p. 4**

Sang-ayon naman si UP President Pascual sa paggawa ng lokal na mass transport system sapagkat ito ay mayroong positibong epekto sa ekonomiya ng bansa.

“One practically stimulates the economy by reducing costs, speeding up the movement of people, or developing an industry,” ayon kay Pascual. Ipinagmalaki rin ni Pascual na ang AGT ay makababawas ng polusyon at makatutulong na mabawasan ang epekto ng climate change.

Samantala, ayon kay UP Diliman Chancellor Caesar Saloma, ang AGT test site ay magsisilbing magandang laboratoryo para sa mga mag-aaral ng engineering sa pamantasan.

Tulad ng Metro Rail Transit o MRT sa EDSA, ang AGT ay air-conditioned at mayroong mahusay na disenyo. Ang pagkaka-iba lamang ay walang mga kableng nakasabit sa itaas ng track ng AGT sapagkat ang direct current electrical system nito ay nakakabit sa mismong guideway kung kaya’t mas malinis itong tingnan.

Ang test track ng AGT ay may habang 465 metro na nagdurugtong sa College of Fine Arts at University Avenue sa UP Diliman. Ito ay gawa sa mataas na uring kongkreto at may taas na 6.1 metro.

Layunin ng test run na mapagtibay ang bilis at kapasidad ng AGT habang isinasaayos

ang mga mekanismo, control, power, at stress system nito. Layunin din nito na ayusin ang mga alituntunin sa pag-trouble shoot ng sistema at makamit ang ninanais na maging fully-automated, walang usok, at makapagsasakay ng 60 pasahero sa isang biyahe na tumatakbo sa bilis na 60 kilometro kada oras.

Ang mga resulta at rekomendasyon ng test run ay magiging basehan upang makapag-disenyo ng mga regular size na tren na maglululan ng mas maraming bilang ng mga pasahero. *(Impormasyon mula kay George E. Valencia III, S&T Media Service, STII)*

Tagisang Robotics ng DOST-SEI, puno ng aksyon at kaalaman

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII

Muling nagsukatan ng lakas at kakayahan ang mga nilikhang robot ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang sekondarya sa Kalakhang Maynila at mga karatig probinsya sa ginanap na 2012 Tagisang Robotics.

Ang kompetisyon ay inorganisa ng Science Education Institute (SEI) ng Department of Science and Technology katuwang ang Nido Fortified Science Discovery Center. Itinampok sa aktibidad ang 31 robot na nagtagisan sa paglalaro ng pinaghalong basketball at football.

Dalawang alyansa ang nagpataas ng puntos sa pagbuslo ng mga bolang may pagkakahawig sa buko, pakwan at melon sa goal ng kalaban.

Nagwagi ang Blue Alliance na kinabibilangan ng Tibagan High School (HS), Makati Science HS, at Bangkal HS laban sa Red Alliance na binubuo naman ng Rizal National Science HS, Manila Science HS, at Benigno S. Aquino National HS.

Nag-uwi ang bawat miyembrong paaralan ng Blue Alliance ng P150,000, tropeyo at gintong medalya bilang premyo o samantalang ang mga coach ay tumanggap ng P10,000 bawat isa.

Hinirang na Best Team ang BSAHNS Knights na walang talo sa anim na laro sa elimination round. Tumanggap ang koponan ng P100,000, tropeyo at gintong medalya, habang tumanggap naman ang coach ng P30,000.



Larawan mula sa DOST-SEI

Pinarangalan din sa kompetisyon ang Valenzuela Science HS bilang Best Blog, at Caloocan HS bilang Most Popular Team at Most Popular Team Robot base sa pinakamaraming likes sa Facebook Fan Page ng 2012 Tagisang Robotics.

Sa sampung bagong kalahok na paaralan ngayong taon, ang koponan ng Malayan Science HS ang hinirang na Rookie of the Year. Ang Grace Christian College naman ang Best Engineering Robot Design.

“Surely, we would be thrilled if all these students go into science and engineering after they experience the fun in science through this robotics competition,” wika ni Dr. Filma G. Brawner, director ng SEI.

Umaasa si Dr. Brawner na magsisilbing daan ang Tagisang Robotics upang mapadami ang bilang ng mga dalubhasa sa nasabing larangan na makatutulong ng malaki sa pag-usad ng ekonomiya ng bansa.

eHealth.ph makatutulong sa health research ng bansa


Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, STII

Isang internet website ang inilunsad kamakailan ng National Forum on Health Research for Action na kung saan ay maaaring makipagtalakayan ng online at real-time ang mga mananaliksik at eksperto sa larangan ng kalusugan sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang website ay tinawag na eHealth Philippines o eHealth.ph, na naglalayong makapagbigay ng lugar para sa masiglang pagpapalitan ng kaalaman ukol sa mga isinasagawang drug discovery research and development at iba pang isyung pangkalusugan sa pamamagitan ng online conference.

Ang online conference ay isinasagawa sa isang takdang petsa na mayroong partikular na paksa. Ang mga registered user na nais makilahok sa talakayan ay kailangan lamang mag-online sa petsa at oras ng kumperensya.

Ang talakayan ay paninimulan ng isang moderator. Mayroon ding imbitadong mga resource person na magbabahagi ng kanilang kaalaman sa naturang paksa. Samantala, ang mga online registered user ay maaari nang magpost ng kanilang opinyon o kaalaman sa paksang pinag-uusapan o dili kaya ay magbigay ng mga tanong kaugnay dito. Ang mga mensahe ay maaaring mabasa ng iba pang online user.



Larawan mula sa ehealth.ph

Sa ngayon ay mayroon nang naisagawang apat na online conference kabilang dito ang may kaugnayan sa isinasagawang pananaliksik sa tawa-tawa (*Euphorbia hirta*) bilang posibleng lunas sa dengue at ang mga pananaliksik ukol sa posibleng benepisyo ng virgin coconut oil sa katawan.

Ang eHealth.ph ay proyekto ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) at ng Institute of Philippine Culture ng Ateneo de Manila University.

Geminiano de Ocampo...
Mula sa pahina 1

Noong 1952, Itinatag niya ang kauna-unahang ospital para sa mata sa bansa. Siya rin ang kauna-unahang Pilipino na nagdisenyo ng corneal dissector at nagsagawa ng matagumpay na corneal transplant. Pinangunahan din niya ang pagtatag ng Philippine Eye Research Institute noong 1965, ang kauna-unahang institusyon para sa basic ophthalmology.

Binibigyang-pugay ng DOST ang mga natatanging kontribusyon ni dating National Scientist de Ocampo sa medical science lalo na sa larangan ng ophthalmology, ayon sa mensahe ni DOST Secretary Mario G. Montejo na binasa ni DOST Assistant Secretary Ma. Lourdes

Ayon kay Dr. Dennis Batangan, leader ng nasabing proyekto, inaasahan niyang hindi lamang platform ng pagpapalitan ng impormasyon ang website, kundi, ito ay magbubukas din ng mga oportunidad para sa research collaboration ng mga mananaliksik na nakikilahok sa aktibidad ng portal.

Samantala, ang mga non-registered user naman ay maaari pa ring i-browse ang website upang mapag-alaman ang naging takbo ng usapan at upang makakuha ng iba pang mahahalagang impormasyong pangkalusugan na matatagpuan dito.

Orijola sa pormal na paglulunsad ng parangal.

Ang titulong "National Scientist of the Philippines" ang pinakamataas na parangal na iginagawad ng pamahalaan sa mga Pilipinong siyentipiko. Ang titulo ay nilikha noong Disyembre 16, 1976 sa pamamagitan ng Presidential Decree 1003 at 1003-A na naglikha rin sa NAST.

Samantala, kalakip ng Geminiano de Ocampo Visionary Award ang gintong medalya, plake ng pagkilala, at P100,000 na magmumula sa pamilya ni National Scientist de Ocampo. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa nasabing parangal, magtungo sa website ng DOST-NAST sa www.nast.dost.gov.ph.

Aristotle P. Carandang, Ph. D
Editor-In-Chief

Mheda G. Garcia
Copy Editor

Joy M. Lazcano
Layout/Graphics

Mario B. Buarao
Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Mga ahensiya magtutulungan para sa ICT industry mapping

Ni Allan Mauro V. Marfal
S & T Media Service, STII

Upang maunawaan ang kasalukuyang kalagayan at mga kontribusyon sa ekonomiya ng lokal na industriya ng information and communications technology (ICT), isang malawakang "ICT industry mapping" ang isasagawa ng Department of Science and Technology-ICT Office (DOST-ICTO).

Kasama ang Statistical Research and Training Center, Department of Trade and Industry, at mga subsector ng industriya ng ICT, lilikumin ng DOST-ICTO ang mga mahalagang datos tulad ng kasalukuyang bilang ng mga empleyado, trabahong nalikha, at ambag ng nasabing industriya sa revenue o kita ng bansa.

"With ICT as an important conduit towards economic development, it is very important to understand the dynamics within the sectors as well as it's linkages outside the sectors towards the wider economy," ayon kay DOST-ICTO Executive Director Louis Napoleon Casambre.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng industriya ng ICT sa pagsibol ng iba pang industriya sa bansa. Malaki ang



Iginuhit ni Rafael Regidor, S&T Media Service, STII

maitutulong ng isasagawang mapping upang matukoy ang mga kasalukuyang kaganapan at hinaharap na pangangailangan ng industriya, ayon naman kay Alejandro P. Melchor III, deputy executive director ng DOST-ICTO.

"There is no doubt that ICT industry is growing but there is also a need to ensure the sustainability of its growth, that is why

there is a need to invest on research and development," ayon kay Dr. Erniel B. Barrios, dean ng University of Philippines-College of Statistics at lider ng proyekto.

Ilan sa mga subsector na tutulong sa nasabing mapping ay ang telecommunications, semi-conductor at electronics, ICT-enabled creative industry, broadcast media, software development, at iba pa.

LarawaNews



Pinangunahan ni Alejandro P. Melchor, deputy executive director ng Information and Communication Technology Office ng Department of Science and Technology (DOST-ICTO) (pangatlo mula kanan) at Dr. Warlito Vicente (pang-apat mula kaliwa), chair ng Regional Health Research and Development Consortium-XI (RHRDC-XI) ang ribbon cutting ceremony na naghudyat ng simula ng Innovation Expo 2012 kamakailan sa Abreeza Mall, Lungsod ng Davao. Kasama sa larawan ay sina (mula kaliwa) Aristotle P. Carandang, chief ng Communications Resources and Production Division ng DOST-STII; Jerry Durant ng International Institute for Outsource Management; Mila T. Segovia, assistant regional director for administration ng Department of Social Welfare and Development; Lizabel G. Holganza, presidente ng ICT-Davao; at Atty. Samuel Matunog, chief executive officer ng Segworks. (Larawan mula kay Angelica de Leon, S&T Media Service, STII)